# Pag-unawa sa mga Utos ng Proteksyon ng Estado ng Washington at Kung Paano Ka Matutulungan ng mga Ito

Kung mayroon kang utos ng proteksyon, tandaan:

1. Magdala ng **sertipikadong kopya** ng iyong utos sa lahat ng panahon.
2. Maipapatupad ang utos sa buong estado ng Washington, United States, at sa mga teritoryo ng U.S.
3. Kung lilipat ka sa ibang estado, puwede mong dalhin ang **sertipikadong kopya** ng iyong pinal na utos sa lokal na korte sa iyong bagong estado o teritoryo para irehistro ito. Hindi kinakailangan ang pagpapparehistro, pero makakatulong ito sa pagpapatupad.
4. Kung may paglabag sa iyong utos ng proteksyon, tumawag sa 9-1-1 o sa inyong lokal na pulis. Sabihin sa kanila na mayroon kang utos ng korte at nilalabag ito.

**Mayroon ka mang utos ng proteksyon o wala, kung ikaw ay hina-harass,**

**pinagbabantaan, o sinalakay, tumawag sa 9-1-1 o sa inyong lokal na pulis!**

# Mga Uri ng Proteksyon

### Utos ng Proteksyon Laban sa Karahasan sa Tahanan (Domestic Violence Protection Order, DVPO)

Para magbigay ng proteksyon laban sa karahasan sa tahanan o banta ng karahasan ng "karelasyon" o "miyembro ng pamilya o sambahayan." Maaaring kasama sa karahasan sa tahanan ang mapagkontrol na paggawi ("mapamilit na pagkontrol"). Maaaring humingi ng proteksyon ang mga petisyonaryo para sa kanilang sarili at para sa mga miyembro ng pamilya o sambahayan na mga menor de edad o mahihinang adulto.

Ang isang petisyonaryo na hinalay, hinaras, o ini-stalk ng **karelasyon o miyembro ng pamilya o sambahayan** ay dapat na, pero hindi inaatasang, humingi ng utos ng proteksyon para sa karahasan sa tahanan, sa halip na ibang uri ng utos ng proteksyon.

### Utos ng Proteksyon laban sa Seksuwal na Pagsalakay (Sexual Assault Protection Order, SAPO)

Para protektahan ang biktima ng seksuwal na paggawi o penetrasyon na walang pahintulot, kahit na isang beses lang nangyari ang paggawi o penetrasyon. Ang isang insidente ng seksuwal na paggawi na walang pahintulot o seksuwal na penetrasyon na walang pahintulot ay sapat nang maging saligan para sa petisyon para sa utos ng proteksyon laban sa seksuwal na pagsalakay.

### Utos ng Proteksyon Kontra-Panghaharas (Antiharassment Protection Order, AHPO)

Para magbigay ng proteksyon laban sa di-gustong pakikipag-ugnayan o paggawi na nagdudulot ng malubhang emosyonal na pagkabalisa at walang lehitimo o legal na layunin. Ang pakikipag-ugnayan ay maaaring paulit-ulit na paggawi na nangyayari sa paglipas ng panahon o nag-iisang gawain o pagbabanta ng karahasan. Ang pakikipag-ugnayan ay dapat na ispesipikong nakadirekta sa pinoprotektahang tao at lubhang nakakaalarma, nakapang-iinis, mapang-harass, o nakakasama.

### Utos ng Proteksyon laban sa Pang-i-stalk (Stalking Protection Order, SPO)

Para magbigay ng proteksyon laban sa pang-i-stalk na walang legal na layunin at makatuwirang nagiging sanhi upang maramdaman ng pinoprotektahang tao ang takot, sindak, panggigipit, lubhang pagkagambala, o pagbabanta. Alinman sa alam o dapat malaman ng nasasakdal na ang kaniyang paggawi ay nagdudulot ng gayong mga pakiramdam, kahit na hindi iyon ang layunin ng nasasakdal.

### Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib (Extreme Risk Protection Order, ERPO)

Para pigilan ang nasasakdal na naghaharap ng malaking panganib ng pagdudulot ng personal na pinsala sa sarili o sa iba mula sa pagkakaroon ng kustodiya o kontrol, pagbili, pagtataglay, pag-access, o pagtanggap ng baril kung saan may makatwirang takot ng mapanganib na gawain ng nasasakdal sa hinaharap.

### Utos ng Proteksyon sa Mahinang Adulto (Vulnerable Adult Protection Order, VAPO)

Para protektahan ang isang mahinang adulto na inabandona, inabuso, pinansyal na pinagsamantalahan, o pinabayaan, o pinagbabantaan ng pang-aabandona, pang-aabuso, pinansyal na pagsasamantala, o kapabayaan ng nasasakdal. Ang mahinang adulto, tagapag-alaga, o iba pang interesadong tao ay maaaring magsumite sa ngalan ng mahinang adulto.

### Impormasyon sa Banyagang Utos ng Proteksyon (Foreign Protection Order Information, FPOI)

Isang proseso para tulungan ang mga korte at tagapagpatupad ng batas sa Estado ng Washington na makilala at ipatupad ang utos ng proteksyon mula sa iba pang estado, teritoryo, pag-aari ng US, Commonwealth of Puerto Rico, District of Columbia, anumang hukumang militar ng US, o pantribong korte.

### Utos ng Proteksyon Laban sa Karahasan ng Canada (Canadian DV Protection Order, CDVPO)

Isang proseso para tulungan ang mga korte at tagapagpatupad ng batas sa Estado ng Washington para makilala at ipatupad ang utos ng proteksyon mula sa anumang probinsya sa Canada.

### Utos ng Pagpigil para sa Inabusong Bata (Abused Child Restraining Order, ACRO)

Para mapaunti ang trauma sa isang batang nagsiwalat ng seksuwal o pisikal na pang-aabuso ng magulang, iba pang miyembro ng pamilya o sambahayan, legal custodian, o guardian. Ang layunin ay magbigay ng pinakamaagang pamamagitan na posible.

### Utos ng Pagpigil ayon sa Pampamilyang Batas (Family Law Restraining Order, FLRO)

Para pigilan ang pang-aabuso, panghaharas, o pinsala sa isang tao o bata na sangkot sa kaso ukol sa pampamilyang batas gaya ng diborsyo, pagiging magulang, o plano ng pag-aalaga ng magulang sa anak (mga relasyon sa tahanan).

### Utos ng Pagbabawal sa Pakikipag-ugnayan dahil sa Panghaharas-Kriminal (Harassment No-Contact Order-Criminal, HNCO)

Para magbigay ng proteksyon laban sa ilegal, paulit-ulit na panghihimasok sa buhay ng isang tao, kasama ang sa pamamagitan ng lihim na pagsubaybay, sa pamamagitan ng mga gawain at pagbabanta na nagpapakita ng paulit-ulit na panghaharas na dinisenyo para sa pamimilit, pananakot, o pagpapahiya sa biktima. Dapat na iniulat ang krimen, at ang nasasakdal ay dapat na sampahan ng kaso bago maibigay ng korte ang utos na ito.

### Utos ng Pagbabawal sa Pakikipag-ugnayan Dahil sa Karahasan sa Tahanan-Kriminal (Domestic Violence No-Contact Order-Criminal, DVNCO)

Para protektahan ang isang biktima laban sa pang-hinaharap na karahasan o mga banta ng pang-aabuso ng nasasakdal. Dapat na iniulat ang pang-aabuso, at ang nasasakdal ay dapat na sampahan ng kaso bago maibigay ng korte ang utos na ito.

**Ang mga form at instruksiyon ay makukuha sa opisina ng klerk ng korte**

| DVPO | Utos ng Proteksyon Laban sa Karahasan sa Tahanan |
|---|---|
| **Sino ang puwedeng kumuha ng DVPO?**<br><br>RCW 7.105.100 | Ang mga taong may ganitong relasyon sa nang-aabuso:<br>• Mag-asawa o magka-live in (kasalukuyan o dati)<br>• Mayroong anak (maliban kung ang bata ay ipinagbuntis dahil sa seksuwal na pagsalakay)<br>• Magkasintahan (kasalukuyan o dati). Dapat na di-bababa sa 13 taong gulang. Kung wala pang 15 taong gulang, dapat na isumite ang petisyon ng isang taong 15 taong gulang o mas matanda na miyembro ng iyong pamilya o sambahayan<br>• Magkamag-anak ayon sa dugo, pag-aasawa, pagli-live in, o pag-aampon<br>• Mga taong magkasama o nagkasama sa bahay (kasalukuyan o dati)<br>• Mga taong may relasyon ng magulang-anak (tunay o legal), kasama ang amain o madrasta at anak ng asawa, lolo o lola at apo, o karelasyon ng magulang at mga bata<br>• Legal na tagapag-alaga (kasalukuyan at dati) |
| **Ano ang puwedeng gawin ng DVPO?**<br><br>RCW 7.105.310 | • Ipagbawal ang anumang uri ng pakikipag-ugnayan, kasama ang cyber harassment, at iaangkop sa indibidwal na mga pangangailangan<br>• Alisin ang nang-aabuso mula sa pinagsasaluhang tirahan at ipagbawal ang pagpasok<br>• Magbigay ng pansamantalang kustodiya sa mga bata at magtakda ng iskedyul ng pagbisita<br>• Magkaloob ng mahahalagang pag-aari (halimbawa: sasakyan, gamot, mga alagang hayop)<br>• Ipag-utos sa nang-aabuso na sumailalim sa paggamot o counselling<br>• Ipag-utos na isuko at ipagbawal ang pagkakaroon ng mga baril, mapanganib na mga armas, at anumang lisensya ng nakatagong baril |
| **Paano ka makakakuha ng DVPO?**<br><br>RCW 7.105.100; .200; .205 | Dapat ilarawan ng petisyon ang mga karahasan sa tahanan na isinagawa ng karelasyon o miyembro ng pamilya o sambahayan laban sa mga/pinoprotektahang tao. Alinman sa hindi aaprubahan o ipagkakaloob ng korte ang pansamantalang utos na may bisa hanggang 14 na araw. Kung hindi aaprubahan ng korte ang pansamantalang utos, mayroong 14 na araw ang petisyonaryo para magsumite ng inamyendahang reklamo. Puwedeng hilingin ng petisyonaryo na magsilbi ang tagapagpatupad ng batas sa nasasakdal o magsaayos ng pagsisilbi sa pamamagitan ng iba pang legal na paraan. Dapat magsilbi ang tagapagpatupad ng batas sa nasasakdal kung iniaatas ng utos na ito na isuko ang armas, lisanin ang pinagsasaluhang tirahan, ilipat ang kustodiya sa bata, o kung nakakulong ang taong pinipigilan. Maaaring ganapin ang pinal na pagdinig nang personal, sa pamamagitan ng telepono, o online, kung hiniling 3 araw ng korte bago ang pagdinig. Sa pinal na pagdinig, puwedeng magsalita at magpresenta ng ebidensya ang parehong partido. Puwedeng hindi aprubahan o ipagkakaloob ng korte ang utos. |
| **Magkano ang Babayaran?** | Walang babayaran. |
| **Paano ire-renew ang DVPO?**<br><br>RCW 7.105.405 | Kung hindi permanente ang pinal na utos, puwede itong i-renew nang maraming beses. Ang petisyonaryo ay dapat maghain ng mosyon upang mag-renew sa loob ng 90 araw bago mawalan ng bisa ang utos. Dapat pagsilbihan ang nasasakdal. Ire-renew ang utos maliban kung mapatunayan ng nasasakdal na mayroong malaking pagbabago sa mga kalagayan at na hindi na niya ipagpapatuloy ang karahasan sa tahanan. |
| **Paano binabago o winawakasan ang DVPO?**<br><br>RCW 7.105.500 | Ang petisyonaryo ay maaaring maghain ng mosyon para wakasan o baguhin iyon anumang oras.<br>Ang nasasakdal ay maaaring maghain ng mosyon para wakasan o baguhin ang pinal na utos nang hindi lalampas sa isang beses sa anumang 12-buwang yugto pagkatapos ipagkaloob ang utos. Itatakda lang ang pagdinig kung, batay sa mosyon at tumutugong deklarasyon, napagpasiyahan ng korte na maaaring may dahilan para baguhin o wakasan ang utos. |
| **Paano kung nilabag ang DVPO?**<br><br>RCW 7.105.450 | Mandatoryong pag-aresto para sa sinasadyang paglabag ng ilang partikular na probisyon. Posibleng pagsasampa ng kasong kriminal o contempt.<br><br>Ang pagkakaroon ng access o pagtataglay ng mga/baril habang may bisa ang Utos upang Isuko at Ipagbawal ang mga Armas ay maaaring maging sanhi ng pagkaaresto at ng kriminal o sibil na multa. |

| SAPO | Utos ng Proteksyon laban sa Seksuwal na Pagsalakay |
|---|---|
| **Sino ang puwedeng kumuha ng SAPO?**<br><br>RCW 7.105.100 | • Isang tao na 15 taong gulang o mas matanda sa ngalan ng kaniyang sarili o ng menor de edad kung siya ang magulang, tagapag-alaga, o custodian<br>• Isang tao na 15 hanggang 17 taong gulang sa ngalan ng kaniyang sarili at sa ngalan ng menor de edad na miyembro ng pamilya o sambahayan kung pinili iyon ng menor de edad<br>• Isang interesadong tao sa ngalan ng mahinang adulto<br>• Isang interesadong tao sa ngalan ng isang adulto na hindi kwalipikado bilang mahinang adulto pero hindi makakapagsumite para sa kaniyang sarili. Dapat ipakita na interesado ang petisyonaryo sa kapakanan ng adulto at kinakailangan ang pamamagitan ng korte |

| | |
|---|---|
| **Ano ang puwedeng gawin ng SAPO?**<br><br>RCW 7.105.310 | • Ipagbawal ang anumang uri ng pakikipag-ugnayan, kasama ang cyber harassment, at iaangkop sa indibidwal na mga pangangailangan<br>• Ihiwalay ang partidong pinipigilan, at/o ipagbawal sa kaniya ang sinasadyang paglapit sa loob ng ispesipikong distansya, mula sa pinagtatrabahuhan, paaralan, tirahan ng petisyonaryo, katawan ng petisyonaryo, atbp.<br>• Ipag-utos na isuko at ipagbawal ang pagkakaroon ng mga baril, mapanganib na mga armas, at anumang lisensya ng nakatagong baril |
| **Paano ka makakakuha ng SAPO?**<br><br>RCW 7.105.100; .200; .205 | Dapat ilarawan ng petisyon ang mga ispesipikong bagay at sitwasyon ng seksuwal na paggawi na walang pahintulot o seksuwal na penetrasyon na walang pahintulot. Alinman sa hindi aaprubahan o ipagkakaloob ng korte ang pansamantalang utos na may bisa hanggang 14 na araw. Kung hindi aaprubahan ng korte ang pansamantalang utos, mayroong 14 na araw ang petisyonaryo para magsumite ng inamyendahang reklamo. Puwedeng hilingin ng petisyonaryo na magsilbi ang tagapagpatupad ng batas sa nasasakdal o magsaayos ng pagsisi sa pamamagitan ng iba pang legal na paraan. Dapat magsilbi ang tagapagpatupad ng batas sa nasasakdal kung iniaatas ng utos na ito na isuko ang armas, lisanin ang pinagsasaluhang tirahan, ilipat ang kustodiya sa bata, o kung nakakulong ang taong pinipigilan. Maaaring ganapin ang pinal na pagdinig nang personal, sa pamamagitan ng telepono, o online, kung hiniling 3 araw ng korte bago ang pagdinig. Sa pinal na pagdinig, puwedeng magsalita at magpresenta ng ebidensya ang parehong partido. Alinman sa hindi aaprubahan o ipagkakaloob ng korte ang utos. |
| **Magkano ang Babayaran?** | Walang babayaran. |
| **Paano ire-renew ang SAPO?**<br><br>RCW 7.105.405 | Kung hindi permanente ang pinal na utos, puwede itong i-renew nang maraming beses. Ang petisyonaryo ay dapat maghain ng mosyon upang mag-renew sa loob ng 90 araw bago mawalan ng bisa ang utos. Dapat pagsilbihan ang nasasakdal. Ire-renew ang utos maliban kung mapatunayan ng nasasakdal na mayroong malaking pagbabago sa mga kalagayan at na hindi siya makikibahagi sa pisikal o di-pisikal na pakikipag-ugnayan. |
| **Paano binabago o winawakasan ang SAPO?**<br><br>RCW 7.105.500 | Ang petisyonaryo ay maaaring maghain ng mosyon para wakasan o baguhin iyon anumang oras.<br>Ang nasasakdal ay maaaring maghain ng mosyon para wakasan o baguhin ang pinal na utos nang hindi lalampas sa isang beses sa anumang 12-buwang yugto pagkatapos ipagkaloob ang utos. Itatakda lang ang pagdinig kung, batay sa mosyon at tumutugong deklarasyon, napagpasiyahan ng korte na maaaring may dahilan para baguhin o wakasan ang utos. |
| **Paano kung nilabag ang SAPO?**<br><br>RCW 7.105.450 | Mandatoryong pag-aresto para sa sinasadyang paglabag ng ilang partikular na probisyon. Posibleng pagsasampa ng kasong kriminal o contempt.<br><br>Ang pagkakaroon ng access sa pagtataglay ng mga/baril habang may bisa ang Utos upang Isuko at Ipagbawal ang mga Armas ay maaaring maging sanhi ng pagkaaresto at kriminal o sibil na multa. |

| AHPO | Utos ng Proteksyon Kontra-Panghaharas |
|---|---|
| **Sino ang puwedeng kumuha ng AHPO?**<br><br>RCW 7.105.100 | • Isang tao na 15 taong gulang o mas matanda sa ngalan ng kaniyang sarili o ng menor de edad kung siya ang magulang, tagapag-alaga, o custodian<br>• Isang tao na 15 hanggang 17 taong gulang sa ngalan ng kaniyang sarili at sa ngalan ng menor de edad na miyembro ng pamilya o sambahayan kung pinili iyon ng menor de edad<br>• Isang interesadong tao sa ngalan ng mahinang adulto<br>• Isang interesadong tao sa ngalan ng isang adulto na hindi kwalipikado bilang mahinang adulto pero hindi makakapagsumite para sa kaniyang sarili. Dapat ipakita na interesado ang petisyonaryo sa kapakanan ng adulto at kinakailangan ang pamamagitan ng korte |
| **Ano ang puwedeng gawin ng AHPO?**<br><br>RCW 7.105.310 | • Ipagbawal ang anumang uri ng pakikipag-ugnayan, at iaangkop sa indibidwal na mga pangangailangan<br>• Hindi isama ang partidong pinipigilan, at/o ipagbawal sa kaniya ang sinasadyang pagpunta sa loob ng ispesipikong distansya, mula sa pinagtatrabahuhan, paaralan, tirahan ng petisyonaryo, katawan ng petisyonaryo, atbp.<br>• Ipag-utos na isuko at ipagbawal ang pagkakaroon ng mga baril, mapanganib na mga armas, at anumang lisensya ng nakatagong baril |
| **Paano ka makakakuha ng AHPO?**<br><br>RCW 7.105.100; .200; .205 | Dapat ilarawan ng petisyon ang ilegal na panghaharas na ginawa ng nasasakdal laban sa mga/pinoprotektahang tao. Kung hindi aaprubahan ng korte ang pansamantalang utos, mayroong 14 na araw ang petisyonaryo para magsumite ng inamyendahang reklamo. Puwedeng hilingin ng petisyonaryo na magsilbi ang tagapagpatupad ng batas sa nasasakdal o magsaayos ng pagsisilbi sa pamamagitan ng iba pang legal na paraan. Maaaring ganapin ang pinal na pagdinig nang personal, sa pamamagitan ng telepono, o online, kung hiniling 3 araw ng korte bago ang pagdinig. Kung ipagkakaloob, ang pinal na utos ay hindi puwedeng lumampas ng isang (1) taon. Ang pansamantalang AHO ay **hindi** puwedeng ipagkaloob kung ang petisyonaryo ay gumawa ng dalawang nakaraang pagsusumite laban sa nasasakdal pero hindi nakakuha ng pinal na AHO. |

| | |
|---|---|
| **Magkano ang Babayaran?**<br><br>RCW 7.105.105(9) | Iba-iba ang mga bayarin sa pagsusumite, at maaaring ilapat ang dagdag na halaga ng gastos. Dapat hindi ka pagbayarin kung hindi mo kayang magbayad o kung humihingi ka ng proteksyon mula sa karahasan sa tahanan, seksuwal na paggawi o penetrasyon na walang pahintulot o seksuwal na panghahalay, pang-i-stalk, krimen na udyok ng poot, isang gawain/pagbabanta ng karahasan kasama ang malisyoso at sinasadyang pagbabanta o pagkakaroon ng baril/armas na nagdudulot ng malubhang emosyonal na pagkabalisa. |
| **Paano ire-renew ang AHPO?**<br><br>RCW 7.105.405 | Kung hindi permanente ang pinal na utos, puwede itong i-renew nang maraming beses. Ang petisyonaryo ay dapat maghain ng mosyon upang mag-renew sa loob ng 90 araw bago mawalan ng bisa ang utos. Dapat silbihan ang nasasakdal. Ire-renew ang utos maliban kung mapatunayan ng nasasakdal na mayroong malaking pagbabago sa mga kalagayan at na hindi na niya ipagpapatuloy ang panghaharas. |
| **Paano binabago o winawakasan ang AHPO?**<br><br>RCW 7.105.500 | Ang petisyonaryo ay maaaring maghain ng mosyon para wakasan o baguhin iyon anumang oras.<br>Ang nasasakdal ay maaaring maghain ng mosyon para wakasan o baguhin ang pinal na utos nang hindi lalampas sa isang beses sa anumang labingdalawang buwang yugto pagkatapos ipagkaloob ang utos. Itatakda lang ang pagdinig kung, batay sa mosyon at tumutugong deklarasyon, napagpasiyahan ng korte na maaaring may dahilan para baguhin o wakasan ang utos. |
| **Paano kung nilabag ang AHPO?**<br><br>RCW 7.105.455 | Ang mga nasasakdal na lampas 18 taong gulang ay maaaring arestuhin, at humarap sa posibleng kriminal na kaso para sa sinasadyang di-pagsunod sa mga probisyon sa "bawal magdulot ng pinsala," "huwag isama at lumayo," at "pakikialam tungkol sa mga alagang hayop." Ang mga nasasakdal na wala pang 18 taong gulang ay maaari ma-contempt para sa sinasadyang pagsuway sa mga tuntunin ng utos at ang korte ay maaaring magpataw ng parusa para sa sinasadyang pagsuway sa parehong probisyon.<br>Ang pagkakaroon ng access o pagtataglay ng mga/baril habang may bisa ang Utos upang Isuko at Ipagbawal ang mga Armas ay maaaring maging sanhi ng pagkaaresto at ng kriminal o sibil na multa. |

| **SPO** | **Utos ng Proteksyon laban sa Lihim na Pagsubaybay** |
|---|---|
| **Sino ang puwedeng kumuha ng SPO?**<br><br>RCW 7.105.100 | • Isang tao na 15 taong gulang o mas matanda sa ngalan ng kaniyang sarili o ng menor de edad kung siya ang magulang, tagapag-alaga, o custodian<br>• Isang tao na 15 hanggang 17 taong gulang sa ngalan ng kaniyang sarili at sa ngalan ng menor de edad na miyembro ng pamilya o sambahayan kung pinili iyon ng menor de edad<br>• Isang interesadong tao sa ngalan ng mahinang adulto<br>• Isang interesadong tao sa ngalan ng isang adulto na hindi kwalipikado bilang mahinang adulto pero hindi makakapagsumite para sa kaniyang sarili. Dapat ipakita na interesado ang petisyonaryo sa kapakanan ng adulto at kinakailangan ang pamamagitan ng korte. |
| **Ano ang puwedeng gawin ng SPO?**<br><br>RCW 7.105.310 | • Ipagbawal ang anumang uri ng pakikipag-ugnayan, kasama ang cyber harassment, at iaangkop sa indibidwal na mga pangangailangan<br>• Hindi isama ang partidong pinipigilan, at/o ipagbawal sa kaniya ang sinasadyang pagpunta sa loob ng ispesipikong distansya, mula sa pinagtatrabahuhan, paaralan, tirahan ng petisyonaryo, katawan ng petisyonaryo, atbp.<br>• Ipag-utos na isuko at ipagbawal ang pagkakaroon ng mga baril, mapanganib na mga armas, at anumang lisensya ng nakatagong baril |
| **Paano ka makakakuha ng SPO?**<br><br>RCW 7.105.100; .200; .205 | Dapat na iparatang ng petisyon ang pag-iral ng lihim na pagsubaybay na ginawa ng nasasakdal laban sa petisyonaryo o mga petisyonaryo. Alinman sa hindi aaprubahan o ipagkakaloob ng korte ang pansamantalang utos na may bisa hanggang 14 na araw. Kung hindi aaprubahan ng korte ang pansamantalang utos, mayroong 14 na araw ang petisyonaryo para magsumite ng inamyendahang reklamo. Puwedeng hilingin ng petisyonaryo na magsilbi ang tagapagpatupad ng batas sa nasasakdal o magsaayos ng pagsisilbi sa pamamagitan ng iba pang legal na paraan. Maaaring ganapin ang pinal na pagdinig nang personal, sa pamamagitan ng telepono, o online, kung hiniling 3 araw ng korte bago ang pagdinig. Sa pinal na pagdinig, alinman sa hindi aaprubahan o ipagkakaloob ng korte ang utos. Kung ipagkakaloob, ang utos ay puwedeng maging permanente o magtagal sa loob ng nakatakdang panahon. |
| **Magkano ang Babayaran?** | Walang babayaran. |
| **Paano ire-renew ang SPO?**<br><br>RCW 7.105.405 | Kung hindi permanente ang pinal na utos, puwede itong i-renew nang maraming beses. Ang petisyonaryo ay dapat maghain ng mosyon upang mag-renew sa loob ng 90 araw bago mawalan ng bisa ang utos. Dapat pagsilbihan ang nasasakdal. Ire-renew ang utos maliban kung mapatunayan ng nasasakdal na mayroong malaking pagbabago sa mga kalagayan at na hindi na niya ipagpapatuloy ang lihim na pagsubaybay. |
| **Paano binabago o winawakasan ang SPO?**<br><br>RCW 7.105.500 | Ang petisyonaryo ay maaaring maghain ng mosyon para wakasan o baguhin iyon anumang oras.<br>Ang nasasakdal ay maaaring maghain ng mosyon para wakasan o baguhin ang pinal na utos nang hindi lalampas sa isang beses sa anumang labingdalawang buwang yugto pagkatapos ipagkaloob ang utos. Itatakda lang ang pagdinig kung, batay sa mosyon at tumutugong deklarasyon, napagpasiyahan ng korte na maaaring may dahilan para baguhin o wakasan ang utos. |

| | |
|---|---|
| **Paano kung nilabag ang SPO?**<br><br>RCW 7.105.450 | Mandatoryong pag-aresto para sa sinasadyang paglabag ng ilang partikular na probisyon. Posibleng pagsasampa ng kasong kriminal o paghamak.<br><br>Ang pagkakaroon ng access sa pagtataglay ng mga/baril habang may bisa ang Utos upang Isuko at Ipagbawal ang mga Armas ay maaaring maging sanhi ng pagkaaresto at kriminal o sibil na multa. |

| **ERPO** | **Utos ng Matinding Proteksyon sa Panganib** |
|---|---|
| **Sino ang puwedeng kumuha ng ERPO?**<br><br>RCW 7.105.100 | • Isang karelasyon<br>• Miyembro ng pamilya o sambahayan<br>• Tagapagpatupad ng batas (dapat gumawa ng taimtim na pagsisikap para abisuhan ang karelasyon ng nasasakdal, miyembro ng pamilya o sambahayan, o iba pang ikatlong partido na nanganganib sa karahasan may kinalaman sa petisyon at magbigay ng mga sangguniang reperensya) |
| **Ano ang puwedeng gawin ng ERPO?**<br><br>RCW 7.105.340 | • Ipag-utos na isuko ang mga baril at anumang lisensya ng nakatagong baril<br>• Ipagbawal ang pagtataglay ng mga baril<br>• Bawiin ang anumang lisensya ng nakatagong baril |
| **Paano ka makakakuha ng ERPO?**<br><br>RCW 7.105.100; .225; .330 | Dapat ilarawan sa petisyon kung paano naghaharap ng malaking panganib ang nasasakdal na magdulot ng personal na pinsala sa kaniyang sarili o sa iba mula sa pagkakaroon ng kustodiya o kontrol, pagbili, pagtataglay, pag-access, pagtanggap, o pagtatangkang bumili o tumanggap ng nasasakdal, ng baril. Dapat ding tukuyin sa petisyon ang bilang, mga uri, at lokasyon ng anumang baril na sa tingin ng petisyonaryo ay kasalukuyang pagmamay-ari, tinataglay, nasa kustodiya, naa-access, o nakokontrol ng nasasakdal. Alinman sa hindi aaprubahan o ipagkakaloob ng korte ang pansamantalang utos na may bisa hanggang 14 na araw. Dapat isilbi ng tagapagpatupad ng batas ang petisyong ito. Maaaring ganapin ang pinal na pagdinig nang personal, sa pamamagitan ng telepono o online, kung hiniling 3 araw ng korte bago ang pagdinig. Sa pinal na pagdinig, puwedeng magsalita at magpresenta ng ebidensya ang parehong partido. |
| **Magkano ang babayaran?** | Walang babayaran. |
| **Paano ire-renew ang ERPO?**<br><br>RCW 7.105.410 | Dapat ipaalam ng korte sa petisyonaryo na mawawalan ng bisa ang utos sa loob ng susunod na 105 araw. Ang petisyonaryo ay dapat maghain ng mosyon upang mag-renew sa loob ng 90 araw bago mawalan ng bisa ang utos. Dapat pagsilbihan ang nasasakdal. Ire-renew ang utos para sa isang taon kung **mapapatunayan ng petisyonaryo** na ang nasasakdal ay naghaharap pa rin ng malaking panganib sa kaniyang sarili o sa iba mula sa pagkakaroon ng mga baril o mapanganib na mga armas. |
| **Paano binabago o winawakasan ang ERPO?**<br><br>RCW 7.105.505 | Ang nasasakdal ay maaaring magsumite para wakasan ang pinal na utos nang hindi lalampas sa isang beses sa anumang 12-buwang yugto pagkatapos ipagkaloob ang utos. Kung **mapapatunayan ng nasasakdal** na hindi na siya naghaharap ng malaking panganib sa kaniyang sarili o sa iba mula sa pagkakaroon ng mga baril o mapanganib na mga armas, dapat wakasan ng korte ang utos. |
| **Paano kung nilabag ang ERPO?**<br><br>RCW 7.105.100 | Maaaring maaresto. Posibleng pagsasampa ng kasong kriminal o contempt. |

| **VAPO** | **Utos ng Proteksyon sa Mahinang Adulto** |
|---|---|
| **Sino ang puwedeng kumuha ng VAPO?**<br><br>RCW 7.105.100 | • Ang mahinang adulto, o interesadong tao sa ngalan ng mahinang adulto<br>• Guardian, conservator o limitadong guardian/conservator ng mahinang adulto<br>• DSHS (tangi lamang kung may pahintulot ng mahinang adulto, maliban kung hindi maibibigay ang pahintulot dahil sa kapansanan o kawalang kakayahan ng mahinang adulto) |
| **Ano ang puwedeng gawin ng VAPO?**<br><br>RCW 7.105.310 | • Ipagbawal ang anumang uri ng pakikipag-ugnayan, kasama ang cyber harassment, at iaangkop sa indibidwal na mga pangangailangan<br>• Hindi isama ang partidong pinipigilan, at/o ipagbawal sa kaniya ang sinasadyang pagpunta sa loob ng ispesipikong distansya, mula sa pinagtatrabahuhan, paaralan, tirahan ng petisyonaryo, katawan ng petisyonaryo, atbp.<br>• Iatas sa nasasakdal na magbigay ng accounting sa kita o iba pang pinagkukunan ng mahinang adulto, kung nagkaroon ng kontrol ang nasasakdal sa mga asset ng mahinang adulto. |

| | |
|---|---|
| **Paano ka makakakuha ng VAPO?**<br><br>RCW 7.105.100; .220; .225 | Dapat ilarawan sa petisyon kung paanong ang pinoprotektahang tao ay isang mahinang adulto at ang mga paraan kung paano siya naging biktima ng (o pinagbantaan ng) pang-aabandona, pang-aabuso, pinansyal na pagsasamantala, o kapabayaan ng nasasakdal. Kung ang petisyon ay isinumite ng interesadong tao, dapat na kasama rin sa apidabit o deklarasyon ang pahayag kung bakit kwalipikado ang petisyonaryo bilang interesadong tao. Dapat isumite ang petisyon sa nakatataas na korte. Alinman sa hindi aaprubahan o ipagkakaloob ng korte ang pansamantalang utos na may bisa hanggang 14 na araw. Kung hindi aaprubahan ng korte ang pansamantalang utos, mayroong 14 na araw ang petisyonaryo para magsumite ng inamyendahang reklamo. Puwedeng hilingin ng petisyonaryo na magsilbi ang tagapagpatupad ng batas sa nasasakdal o magsaayos ng pagsisilbi sa pamamagitan ng iba pang legal na paraan. Maaaring ganapin ang pinal na pagdinig nang personal, sa pamamagitan ng telepono, o online, kung hiniling 3 araw ng korte bago ang pagdinig. Sa pinal na pagdinig, puwedeng magsalita at magpresenta ng ebidensya ang parehong partido. Kung ipagkakaloob, ang utos ay maaaring maging permanente o magtagal sa loob ng nakatakdang panahon. |
| **Magkano ang babayaran?** | Walang babayaran. |
| **Paano ire-renew ang VAPO?**<br><br>RCW 7.105.510 | Kung hindi permanente ang pinal na utos, puwede itong i-renew nang maraming beses. Ang petisyonaryo ay dapat maghain ng mosyon upang mag-renew sa loob ng 90 araw bago mawalan ng bisa ang utos. Dapat pagsilbihan ang nasasakdal. Ire-renew ang utos maliban kung **mapatunayan ng nasasakdal** na mayroong malaking pagbabago sa mga kalagayan at na hindi na niya ipagpapatuloy ang pang-aabandona, pang-aabuso, pinansyal na pagsasamantala, o kapabayaan. |
| **Paano binabago o winawakasan ang VAPO?**<br><br>RCW 7.105.510 | Ang mahinang adulto o ang kaniyang guardian, conservator, o ang taong kumikilos sa ngalan ng mahinang adulto ay maaaring magsumite para sa modipikasyon (pagbabago) o pagwawakas ng utos anumang oras matapos ipagkaloob ang utos. |
| **Paano kung nilabag ang VAPO?**<br><br>RCW 7.105.450 | Mandatoryong pag-aresto para sa sinasadyang paglabag ng ilang partikular na probisyon. Posibleng pagsasampa ng kasong kriminal o paghamak.<br><br>Ang pagkakaroon ng access sa pagtataglay ng mga/baril habang may bisa ang Utos upang Isuko at Ipagbawal ang mga Armas ay maaaring maging sanhi ng pagkaaresto at kriminal o sibil na multa. |

| FPO | Opsyonal na Pagsusumite ng Banyagang Utos ng Proteksyon |
|---|---|
| **Sino ang puwedeng magsumite ng FPO?**<br><br>RCW 26.52.030 | Isang pinoprotektahang tao na may balidong utos ng proteksyong sibil o kriminal na ipinagkaloob ng korte sa ibang (banyagang) estado, teritoryo, pag-aari, tribo, o hukuman ng militar ng United States at nakatira na ngayon sa Washington. |
| **Anong nagagawa ng pagsusumite ng FPO?** | Puwedeng makatulong sa pagpapatupad ang pagsusumite ng banyagang utos ng proteksyon sa Washington. Ang banyagang utos ng proteksyon ay puwedeng magbigay ng proteksyong nakasaad sa utos hangga't ang nasasakdal ay nabigyan ng makatwirang abiso at oportunidad upang mapakinggan. **Maipapatupad ang banyagang utos ng proteksyon sa Estado ng Washington kahit na hindi isinumite ang utos sa korte o inilagay sa computer-based information system ng tagapagpatupad ng batas**. |
| **Paano ka magsusumite ng FPO?**<br><br>RCW 26.52.030 | Maaaring magsumite ng balidong banyagang utos ng proteksyon ang isang tao sa pamamagitan ng paghaharap ng sertipikado, pinatunayan, o halimbawa ng kopya ng utos ng proteksyon sa opisina ng klerk ng korte kung saan nakatira ang pinoprotektahang tao o sa tingin niya ay maaaring kailangan ang pagpapatupad. Dapat magsumite ang tao ng form ng Banyagang Utos ng Proteksyon kasama ang utos. Maaaring makatulong ang klerk para punan ang form. Bibigyan ng klerk ang pinoprotektahang tao ng kopya ng utos na nagpapakita ng patunay na isinumite ito. |
| **Magkano ang Babayaran?** | Walang babayaran. |
| **Paano binabago o winawakasan ang FPO?** | Magwawakas ang banyagang utos ng proteksyon sa petsa ng pagkawala ng bisa na nakatala sa utos. **Hindi maaaring baguhin o wakasan ng korte ng Washington ang utos bago ang petsa ng pagkawala ng bisa, pero maaari kang humingi ng mga modipikasyon o utos ng pagwawakas sa estado o hurisdiksyon na nagkaloob ng utos.**<br><br>Ang mga pagtatalo tungkol sa kustodiya sa bata, residensyal na placement, o mga probisyon sa pagbisita ay dapat na malutas sa korte. Ang tamang korte na mangangasiwa sa naturang pagtatalo ay pinagpapasiyahan ng Uniform Child Custody Jurisdiction and Enforcement Act at ng Parental Kidnapping Prevention Act. Kinakailangan ang Writ of Habeas Corpus bago maalis ng tagapagpatupad ng batas ang bata mula sa kasalukuyang placement, maliban kung inabuso o pinabayaan ang bata. |
| **Paano kung nilabag ang FPO?**<br><br>RCW 26.52.070 | Mandatoryong pag-aresto para sa sinasadyang paglabag ng ilang partikular na probisyon. Posibleng pagsasampa ng kasong kriminal o paghamak. |

| CDVPO | Utos ng Proteksyon Laban sa Karahasan ng Canada |
| --- | --- |
| **Sino ang puwedeng magsumite ng CDVPO?**<br><br>RCW 26.55.030, .040 | Isang pinoprotektahang tao, nasasakdal, o tao na pinahintulutang humingi ng pagpapatupad ng utos ng proteksyon laban sa karahasan sa tahanan ay maaaring magsumite ng kahilingan para sa utos ng korte na nagpapatupad o tumatanggi sa pagpapatupad ng utos ng proteksyon laban sa karahasan sa tahanan ng Canada.<br>Maaaring magsumite ng utos ang taong may karapatan sa proteksyon sa ilalim ng utos ng proteksyon laban sa karahasan sa tahanan ng Canada. |
| **Anong nagagawa ng pagsusumite ng CDVPO?**<br><br>RCW 26.55.030 | Ang pagsusumite ng iyong utos ng proteksyon laban sa karahasan sa tahanan ng Canada o ang paghiling ng utos upang kilalanin at ipatupad ang utos ng proteksyon laban sa karahasan sa tahanan ng Canada sa Washington ay puwedeng makatulong sa pagpapatupad. Ang mga korte ng Washington ay limitado sa mga tuntunin ng utos ng Canada at hindi ito makapag-uutos ng karagdagang restriksiyon o probisyon, maliban kung ang korte ay maglabas ng utos na tumatangging ipatupad ang utos ng proteksyon laban sa karahasan sa tahanan ng Canada.<br><br>**Maipapatupad ang utos ng proteksyon laban sa karahasan sa tahanan ng Canada sa Estado ng Washington kahit na hindi isinumite ang utos sa korte o inilagay sa computer-based information system ng tagapagpatupad ng batas**. |
| **Paano ka magsusumite ng CDVPO?**<br><br>RCW 26.55.030, .040 | Ang isang pinoprotektahang tao, nasasakdal, o tao na pinahintulutang humingi ng pagpapatupad ng utos ng proteksyon laban sa karahasan sa tahanan ay maaaring magsumite sa korte ng kahilingan para sa pagpapatupad sa pamamagitan ng paghaharap ng kahilingan at sertipikado/napatunayang kopya ng utos sa klerk ng korte ng Washington kung saan nakatira ang pinoprotektahang tao o sa tingin niya ay maaaring kailangan ang pagpapatupad. Magtatakda ang korte ng pagdinig na hindi lalampas sa 14 na araw matapos isumite ang kahilingan.<br><br>Maaari itong isumite sa korte ng isang taong may karapatan sa proteksyon sa ilalim ng utos ng proteksyon laban sa karahasan sa tahanan ng Canada sa pamamagitan ng paghaharap ng sertipikado/napatunayang kopya ng utos at ng apidabit na nagsasaad na balido at may bisa ang utos, sa klerk ng korte ng Washington kung saan nakatira ang pinoprotektahang tao o sa tingin niya ay maaaring kailangan ang pagpapatupad. Ang out-of-state na ahensya, departamento, o korte na responsable sa pagpapanatili ng mga rekord ng utos ng proteksyon ay maaaring magpadala ng kopya ng utos na mayroong digital na pirma sa klerk. Sa oras na matanggap ng klerk ng korte sa wastong paraan ang utos ng proteksyon laban sa karahasan ng Canada, ang utos ay isusumite sa korte. |
| **Magkano ang Babayaran?** | Walang babayaran. |
| **Paano binabago o winawakasan ang CDVPO?** | Magwawakas ang utos ng proteksyon laban sa karahasan sa tahanan ng Canada sa petsa ng pagkawala ng bisa na nakatala sa utos. **Hindi maaaring baguhin o wakasan ng korte ng Washington ang utos bago ang petsa ng pagkawala ng bisa, pero maaari kang humingi ng mga modipikasyon o utos ng pagwawakas sa pamamagitan ng pagpepetisyon nito sa korte sa Canada na nalabas ng utos na ito.** |
| **Paano kung nilabag ang CDVPO?**<br><br>RCW 7.105.450; RCW 26.55.015 | Mandatoryong pag-aresto para sa sinasadyang paglabag ng ilang partikular na probisyon. Posibleng pagsasampa ng kasong kriminal o paghamak. |

| ACRO | Utos ng Pagpigil para sa Inabusong Bata |
| --- | --- |
| **Sino ang puwedeng magsumite para sa ACRO?**<br><br>RCW 26.44.063; .150 | Ang korte, sa sarili nitong mosyon, ang naglilitis na abogado (kung mayroong aktibong imbestigasyon), ang guardian ad litem (GAL), o iba pang partido sa anumang paglilitis kung saan may mga alegasyon ng seksuwal o pisikal na pang-aabuso sa sinumang bata. |
| **Ano ang puwedeng gawin ng ACRO?**<br><br>RCW 26.44.063 | • Ipagbawal ang pakikipag-ugnayan sa mga/bata nang walang pag-apruba ng korte<br>• Pigilan ang nang-abuso mula sa paggambala sa kapayapaan ng mga/bata<br>• Pigilan ang nang-abuso mula sa pagpasok sa bahay ng mga/bata nang walang pag-apruba ng korte<br>• Pigilan ang sinasadyang pagpunta o pananatili sa loob ng ispesipikong distansya ng lokasyon sa mga/bata |
| **Paano ka makakakuha ng ACRO?**<br><br>RCW 26.44.020; .063 | Sa departamento para sa mga bata ng nakatataas na korte ng anumang county, maaaring humiling ang partidong nagpepetisyon ng paglalabas ng utos, o maaaring ang korte mismo ang maglabas ng utos. Maaaring makuha ang utos, kagustuhan man ito ng biktima o hindi. |

| | |
|---|---|
| **Magkano ang Babayaran?** | Walang babayaran. |
| **Paano binabago o winawakasan ang ACRO?** | Maaaring baguhin o wakasan ng korte ang utos sa pamamagitan ng mosyon ng sinumang partido o ng GAL. |
| **Paano kung nilabag ang ACRO?**<br>RCW 26.44.063; .130 | Mayroong awtoridad ang tagapagpatupad ng batas upang arestuhin ang partidong pinipigilan na nagkaroon ng aktuwal na abiso ng utos at nilabag ito. Ang mga paglabag ay napapailalim sa kriminal na paglilitis at mga parusang sibil. |

| **FLRO** | **Utos ng Pagpigil ayon sa Pampamilyang Batas** |
|---|---|
| **Sino ang puwedeng kumuha ng FLRO?**<br>RCW 26.09.060 | • Alinmang partido sa isang paglilitis ukol sa diborsyo, paghihiwalay, o annulment<br>• Mga taong may anak o mga anak na humihingi ng utos ukol sa pagiging magulang o plano ng pag-aalaga ng magulang sa mga/anak |
| **Ano ang puwedeng gawin ng FLRO?**<br>RCW 26.09.060 | • Ipagbawal sa taong pinipigilan ang paggambala sa kapayapaan, pananakit, pangmomolestiya, pagsalakay, o lihim na pagsubaybay<br>• Ipagbawal sa taong pinipigilan ang pagpunta, pagpasok, o pagiging nasa loob ng partikular na distansya ng isang ispesipikong lokasyon<br>• Ipag-utos na isuko at ipagbawal ang pagkakaroon ng mga baril, mapanganib na mga armas, at anumang lisensya ng nakatagong baril<br>• Pigilan ang magulang mula sa pagkuha at pagsama sa bata palabas ng estado<br>• Maaari ring ipag-utos ang suporta sa bata, suporta sa asawa, paggamit ng ari-arian, at paglimita o pagpigil ng pakikipag-ugnayan sa mga bata |
| **Paano ka makakakuha ng FLRO ?**<br>RCW 26.09.060 | Ang petisyonaryo o nasasakdal ay puwedeng makakuha ng pansamantala o pinal na FLRO sa nakatataas na korte bilang bahagi ng kaso ukol sa batas pampamilya o pagiging magulang. Puwede kang magsumite ng mosyon para sa agarang utos ng pagpigil kasama ang petisyon sa simula ng kaso o sa anumang oras bago maisapinal ang kaso. Para makakuha ng agarang utos, dapat kang magpakita ng panganib ng hindi na maisasaayos na pinsala. Alinman sa hindi aaprubahan o ipagkakaloob ng korte ang agarang utos na may bisa hanggang 14 na araw. Kung hindi aaprubahan ng korte ang agarang utos, puwede ka pa ring mag-iskedyul ng pagdinig pagkalipas ng 14 na araw. Puwede mong hilingin sa klerk na magsilbi ang tagapagpatupad ng batas sa nasasakdal o magsaayos ng pagsisilbi sa pamamagitan ng iba pang legal na paraan. Sa nagbabalik na pagdinig, magdedesisyon ang korte kung maglalabas ba ng pansamantalang utos ng pagpigil na mananatiling may bisa habang nakabinbin ang kaso. Kapag naisapinal na ang kaso, maaaring maglabas ang korte ng pinal na utos ng pagpigil na magtatagal sa loob ng nakatakdang panahon o nang permanente. |
| **Magkano ang Babayaran?** | Ang bayarin sa pagsusumite para sa kaso ukol sa pampamilyang batas ay $200.00 (dagdag pa ang posibleng surcharge) pero maaari itong i-waive. Puwedeng kasama sa karagdagang babayaran ang mga bayarin para sa kopya, pagsisilbi, at abogado. |
| **Paano binabago o winawakasan ang FLRO?** | Maaaring maghain ng mosyon ang sinumang partido sa korte para baguhin o wakasan ang utos. Ang partidong humihingi ng pagbabago o pagwawakas ay dapat na mag-iskedyul ng pagdinig at isilbi ito sa kabilang partido. Sa pagdinig, alinman sa hindi aaprubahan o ipagkakaloob ng korte ang modipikasyon o pagwawakas batay sa iniharap na ebidensya. |
| **Paano kung nilabag ang FLRO?**<br>RCW 26.09.300 | Mandatoryong pag-aresto kung sinasadya ng nang-abuso na labagin ang mga probisyon sa "pagpigil" o pumasok sa tirahan kung saan siya pinagbabawalang pumasok. Posibleng pagsasampa ng kasong kriminal o paghamak. |

| HNCO | Utos ng Pagbabawal sa Pakikipag-ugnayan dahil sa Panghaharas-Kriminal |
|---|---|
| **Sino ang puwedeng kumuha ng HNCO?** | Isang tao na nagsumbong ng panghaharas, gaya ng nakasaad sa RCW 9A.46.060, sa pulis na humantong sa pagkaaresto o pagsasampa ng kriminal na kaso ng tagausig. |
| **Ano ang puwedeng gawin ng HNCO?**<br>RCW 9A.46.040 | • Pigilan ang pakikipag-ugnayan, pananakot, o pagbabanta sa biktima at iba pang nakalista sa utos<br>• Ipag-utos sa nasasakdal na lumayo mula sa mga ispesipikong lokasyon<br>• Maaaring ipag-utos na isuko at ipagbawal ang pagkakaroon ng mga baril, mapanganib na mga armas, at anumang lisensya ng nakatagong baril<br>• Protektahan ang biktima sa isang aktibong kaso habang naghihintay ng paglilitis at paghahatol (ang pinal na utos ay puwede ring maging kondisyon ng hatol) |
| **Paano ka makakakuha ng HNCO?** | Dapat munang isumbong ang krimen sa pulis. Kung inaresto ang nasasakdal o binigyan ng sitasyon, maaaring humiling ang biktima sa tagausig ng utos. Maaari ring maglabas ang korte ng utos sa ngalan ng biktima, kahit na hindi ito hiniling ng biktima, para mabawasan ang tsansa na maulit ang panghaharas sa biktima. Ang utos ay maaaring magmula sa kriminal na kaso sa pandistrito, munisipal, o nakatataas na korte. Puwedeng ilabas ang HNCO bago ang paglilitis o pagkatapos ng paghatol. |
| **Magkano ang Babayaran?** | Walang babayaran. |
| **Paano binabago o winawakasan ang HNCO?**<br>RCW 9A.46.055 | Ang utos ng pagbabawal sa pakikipag-ugnayan bago ang paglilitis ay matatapos kung napawalang-saysay ang mga kaso o napagpasiyahan na walang kasalanan ang nasasakdal. Magwawakas ang utos ng pagbabawal sa pakikipag-ugnayan pagkatapos ng paghatol sa petsa ng pagkawala ng bisa na nakatala sa utos. Maaaring baguhin o wakasan ng korte ang utos bago sumapit ang petsa ng pagkawala ng bisa. Maaaring kontakin ng biktima ang abogadong naglilitis upang hilingin sa abogado na magsumite ng mosyon para sa modipikasyon o pagwawakas ng utos. Ang mosyon ay maaari ring isumite ng nasasakdal o ng kaniyang abogado. |
| **Paano kung nilabag ang HNCO?**<br>RCW 9A.46.080 | Mandatoryong pag-aresto. |

| DVNCO | Utos ng Pagbabawal sa Pakikipag-ugnayan dahil sa Karahasan sa Tahanan-Kriminal |
|---|---|
| **Sino ang puwedeng kumuha ng DVNCO?** | Isang tao na nagsumbong ng karahasan sa tahanan, gaya ng nakasaad sa RCW 10.99.020, sa pulis na humantong sa pagkaaresto o pagsasampa ng kriminal na kaso ng tagausig. |
| **Ano ang puwedeng gawin ng DVNCO?**<br>RCW 10.99.040 | • Ipagbawal ang anumang uri ng pakikipag-ugnayan<br>• Ipagbawal sa nasasakdal ang sinasadyang pagpunta o pananatili sa loob ng ispesipikong distansya ng lokasyon<br>• Ipag-utos na isuko at ipagbawal ang pagkakaroon ng mga baril, mapanganib na mga armas, at anumang lisensya ng nakatagong baril<br>• Protektahan ang pinoprotektahang tao sa isang aktibong kaso habang naghihintay ng paglilitis at paghatol<br>• Puwede ring maging kondisyon ng paghatol at magkaroon ng bisa hanggang sa pinakamatagal na hatol ayon sa batas at/o hanggang sa tapusin ang probasyon |
| **Paano ka makakakuha ng DVNCO?** | Dapat munang isumbong ang krimen sa pulis. Kung inaresto ang nasasakdal o binigyan ng sitasyon, maaaring hilingin ng biktima ng krimen sa tagausig ang utos ng pagbabawal sa pakikipag-ugnayan. Maaaring humiling ang tagausig sa korte ng utos ng pagbabawal sa pakikipag-ugnayan, kagustuhan man ito ng biktima o hindi, at bago ang unang pagpunta ng nasasakdal sa korte. Ang utos ay maaaring magmula sa kriminal na kaso sa pandistrito, munisipal o nakatataas na korte. (Sa ilang hurisdiksyon, ipinagkakaloob ang mga utos sa pamamagitan ng pulis o bilangguan.) Puwedeng ipagkaloob ang DVNCO bago ang paglilitis o pagkatapos ng hatol.<br>Ibibigay sa iyo ang isang sertipikadong kopya ng Utos ng Pagbabawal sa Pakikipag-ugnayan dahil sa Karahasan sa Tahanan kapag ipinagkaloob ito. |
| **Magkano ang Babayaran?** | Walang babayaran. |
| **Paano binabago o winawakasan ang DVNCO?** | Ang utos ng pagbabawal sa pakikipag-ugnayan bago ang hatol ay mawawalan ng bisa sa loob ng 72 oras kung walang isasampang kaso ang tagausig.<br>Ang utos ng pagbabawal sa pakikipag-ugnayan bago ang paglilitis ay matatapos kung napawalang-saysay ang mga kaso o napagpasiyahan na walang kasalanan ang nasasakdal. Magwawakas ang utos ng pagbabawal sa pakikipag-ugnayan pagkatapos ng paghatol sa petsa ng pagkawala ng bisa na nakatala sa utos. Dapat isaad ng utos na maaari itong palawigin. Kung masusumpungan ng korte na may posibleng dahilan, maaari nitong ipagkaloob o palawigin ang utos ng pagbabawal sa pakikipag-ugnayan. Maaaring baguhin o wakasan ng korte ang utos bago sumapit ang petsa ng pagkawala ng bisa. Ang biktima ng krimen o ang nasasakdal ay maaaring magsumite ng mosyon para baguhin o |

| | |
|---|---|
| | wakasan nila mismo ang utos. Ang naglilitis na abogado ay maaaring makatulong sa biktima ng krimen ukol dito sa ilang lugar. |
| **Paano kung nilabag ang DVNCO?**<br><br>RCW 10.99.040;<br>RCW 7.105.450 | Mandatoryong pag-aresto at posibleng kasong kriminal o contempt. |

Mayroon ding utos ng pagbabawal sa pakikipag-ugnayan para sa mga kaso ng seksuwal na pagsalakay. RCW 9A.44.210.